Republic of the Philippines
# Department of Education
Region XII
Schools Division Office of Tacurong City

Agosto 20, 2024

**DIVISION MEMORANDUM**
CID No. 100 s. 2024

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024

Para sa mga: Katuwang ng Pansangay na Tagapamanihala
Hepe ng Kurikulum/ Pampaaralang Pamamahala
Pansangay na Tagamasid
Sangay ng Lungsod ng Tacurong

1. Alinsunod sa itnakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, at Memorandum Pangkagawaran Blg. 0368s. 2024, ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024 ay ipinagdiriwang sa Agosto 1-31, 2024 sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabayang pansangay na pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024, itinakda ng KWF Kapasiyahan ng kapuluan Blg. 08-02 Serye 2024 na nagtatakda ng temang **"FILIPINO; WIKANG MAPAGPALAYA"** naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang sumusunod:

   a. Ganap na maipapatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Kaugnay nito, ihahanay bilang bahagi ng gawain sa asembleya (Monday Convocation) ng sa mga Paaralan ng Sangay ng Lungsod ng Tacurong sa ilalim ng Pamunuan ng Kurikulum ang mga adbokasiya at gawain na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024.

5. Inaanyayahan ang bawat Functional Division na makilahok sa iba't ibang gawain sa Pampinid na Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024 sa Setyembre 2, 2024, lahat ng mga kasapi ay inaasahang magsuot ng kasuutang Pilipino bilang pagpapahalaga sa ating kultura.

**Address:** Alunan Highway, Poblacion, Tacurong City 9800
**Telephone Numbers:** (064)-562-4880; 0919-065-6425
**Email:** tacurong.city@deped.gov.ph
**Website:** depedtacurong.org

6. Narito ang mga mungkahing gawain na itatampok sa Pampinid na Palatuntunan;

a. Bugtong Mo, Sagot ko!
b. Paligsahan sa Awit Isahan (OPM)
c. Masining na Pagkukuwento
d. Lutong Pinoy
e. Pinakamagandang Kasuotan

7. Ang Kurikulum Dibisyon sa Pamumuno ng Hepe ng kurikulum katuwang ang tagapag-ugnay sa Filipino ang mangangasiwa sa mga gawain at siyang mamimili ng mga hurado sa paligsahan at maghanda ng pabuya sa unang tatlong pangkat na makakakuha ng pinakamataas na puntos.

8. Pasa sa mga karagdagang detalye, maaaring makipag-unayan kay Gng. Mary Ann C. Umadhay Pansangay na Tagamasid sa Filipino.

9. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**GILDO G. MOSQUEDA, CEO VI**
Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng sinasaad
Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 038 s. 2024
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
BUREAUS AND OFFICES CELEBRATIONS FESTIVALS FILIPINO

MACU/DM/CID/ BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024/_/Agosto 20, 2024

**Mga Krayteria at Panuntunan sa Awit-isahan: (OPM)**

1. Timbre- 20%
   (Kalidad ng nota, Tono, o kaangkupang ng instromentong ginamit)
2. Tiyempo- 20%
   (kaangkupan ng bilis o bagal ng pag-awit)
3. Interpretasyon at Ekspresyon-20%
4. Kalinawan- 10%
   (Malinaw ang pagbigkas ng mga salita)
5. Kalidad ng boses-20%
6. Pagtatanghal- 10%
   (May tiwala sa sarili, at dating sa madla)
   Kabuuan – 100%

Pamantayan sa Awit-isahan:

1. Ang bawat pangkat ay magkakaroon ng isang kalahok
2. Ang kalahok ay may kalayaang pumili ng accompaniment (Puwede gitara o minus-one)
3. Ang piyesa ay Original Pilipino Music (OPM)

**Bugtong Mo! Sagot Ko!**

1. Magbibigay ng 10 madali at 10 bugtong na mahirap na huhulaan ng tama ng bawat kalahok
2. Bawat functional dibisyon ay magkakaroon ng isang kalahok.

**Masining na Pagkukuwento**

Pamantayan

1. Bawat pangkat ay magkakaroon ng isang kalahok
2. Ang masining na pagkukuwento ay sa loob lamang ng 3-5 minuto
3. Ang kuwento ay hango sa mga aklat ng kuwentong pambata
4. Malayang pumili ng kuwento ang kalahok
5. Ang kasuotan ng kalahok ay angkop sa pyesang napili
6. Walang anumang props sa entablado at tanging ang piyesa lamang ang hawak.

Krayterya:

Pagpili ng kuwento - 10%
Pagsasalita - 25%
  Uri ng Tinig {10%}
  Tono/Bigkas/Diin/Hinto –{15%}
Pagbibigay ng kahulugan /interpretasyon at paraan ng pagkukuwento (casual, relaxed , conversational) - 50%
Personalidad/kakayahan sa pagkukuwento – 15%
Kabuuan - 100%

**Lutong Pinoy**

1. Bawat pangkat ay maghahain ng lutong pinoy ayon sa mga sangkap naipamamahagi sa bawat pangkat.
2. Magkaroon ng palabunutan ang bawat pangkat upang malaman kung anong recipe ang iluluto.
3. Ang may pinakasamasarap at autentikong lutong pinoy ang mananalo.

Pinakamagandang kasuutang Pilipino ( Espesyal Award )

1. Dalawa sa bawat pangkat ang mapipiling may pinakanamumukod na kasuutang Pilipino ay makakatanggap ng gantimpala.